

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

SUSCIPE, Dómine, fidélium preces cum oblatiónibus hostiárum: ut, per hæc piæ devotiónis officia, ad coeléstem glóriam transeámus. Per Dominum.

TANGGAPIN mo, O Panginoon, ang mga panalangin at handog ng iyong bayan, pakundangan sa matimtimang pagganap nila ngayo'y bumagtas din sila sa Langit na bayan namin. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

▪ *Prepasyo ng Muling Pagkabuhay* (at sa sakdal-dakilang araw na ito...) *Sasabihin din ang nauukol na Communicantes* (Kaisa ng buong Simbahan...) *at ang Hanc Igitur* (Kaya't isinasamo namin...)

ANTIPONA SA KOMUNYON • Col 3:1-2

SI consurrexístis cum Christo, quæ sursum sunt quærite, ubi Christus est in dextera Dei sedens, allelúia: quæ sursum sunt sápite, allelúia.

BINUHAY kayong muli kasama ni Cristo, kaya sikapin ninyong makamtan ang mga bagay na nasa langit kung saan naroon si Cristo na nakaupo sa kanan ng Dios, aleluya. Doon ninyo ituon ang isip niyo, aleluya!

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

CONCEDE, quæsumus, omnipotens Deus: ut paschális percéptio sacraménti, contínua in nostris méntibus perseveret. Per Dóminum.

IPAGKALOOB mo nawa, O Dios na makapangyarihan, na ang aming pakikinabang sa banal na piging ng Pascua ay patuloy na umiral sa aming puso't isipan. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite ©2022
Comision Para sa Pagsasalin

MARTES INFRAOCTAVA NG PASCUA

Misa “Aqua sapientiae”

• I cl. • Doble I cl. • Puti

May Gloria at Credo sa buong linggo

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Sir 15:3-4

AQUA sapiéntiæ potávit eos, allelúia: firmábitur in illis et non flectétur, allelúia: et exaltábit eos in ætérnum, allelúia, allelúia. — *Ps 104:1* Confitémini Dómino et invocáte nomen eius: annuntiáte inter gentes ópera eius. *V.* Gloria Patri. Aqua.

INUMING karununga'y ibinigay niya upang lagukin nila, aleluya! Ito'y may lakas na dulot at ang bayan ay hindi matitinag o mabubuwal, at itatampok silang tunay, aleluya, aleluya! — *Salmo 104:1* Papurihan ninyo ang Poon, at tumawag sa kaniyang ngalan: ihayag ninyo sa lahat ng mga bansa ang Kaniyang mga gawa! *V.* Luwalhati sa Ama. — Inuming karunungan...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

DEUS, qui Ecclésiam tuam novo semper fetu múltiplicas: concéde fámulis tuis; ut sacraméntum vivéndo téneant, quod fide percepérunt. Per Dóminum.

O DIOS, lagi mong dinaragdagan ang mga supling ng iyong Simbahan: ipagkaloob mong ang tinanggap nilang Sakramento nang may pananampalataya ay lagi nilang isabuhay sa araw-araw na pamumuhay. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

PAGBASA • Gw 13:16, 26-33

Pagbasa mula sa Gawa ng mga Apostol.

NOONG MGA ARAW NA IYON: Tumayo si Pablo at sinenyasan silang tumahimik, “Mga Israelita, at kayong lahat na may takot sa Diyos, makinig kayo! Mga kapatid kong mula sa lahi ni Abraham, at mga taong may takot sa Diyos, tayo ang pinadalhan ng balitang ito tungkol sa kaligtasan. Hindi nakilala ng mga taga-Jerusalem at ng kanilang mga pinuno na si Jesus ang Tagapagligtas. Hindi rin nila naunawaan ang mga pahayag ng mga propeta, na binabasa nila tuwing Araw ng Pamamahinga. Ngunit sila na rin ang nagsakatuparan ng pahayag na iyon nang si Jesus ay hatulan nila ng kamatayan. Kahit na wala silang sapat na dahilan upang siya'y ipapatay, hiniling pa rin nila kay Pilato na siya'y hatulan ng kamatayan. At nang matupad na nila ang lahat ng nasusulat tungkol sa kanya, siya ay ibinabâ nila sa puno at inilibing.

Subalit siya'y muling binuhay ng Diyos, at sa loob ng maraming araw, siya ay nagpakita sa mga sumama sa kanya sa Jerusalem mula sa Galilea. Ngayon, sila ang mga saksi niya sa mga Israelita. Ngayon ay dala namin sa inyo ang Magandang Balita, na ang pangako ng Diyos sa ating mga ninuno ay tinupad niya sa atin na kanilang mga anak, sa pamamagitan ng muling pagbuhay kay Jesus. Gaya ng nakasulat sa ikalawang Salmo, *‘Ikaw ang aking Anak, sa araw na ito ako’y naging iyong Ama.’* — **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 117:24, 2; Ps 106:2

HÆC dies, quam fecit Dóminus: exultémus et lætémur in ea.
V. Dicant nunc, qui redémpiti sunt a Dómino: quos rédemit de manu inimíci, et de regiónibus congregávit eos.

ITO ang araw na ginawa ng Panginoon: tayo’y magsaya at magalak!

V. Sabihin nila ito, yaong lahat ng mga tinubos ng Poon at hinango mula sa kamay ng mga kaaway at tinipon mula sa lahat ng mga bansa.

ALELUYA

Allelúia, allelúia. **V.** Surrexit Dóminus de sepúlcro, qui pro nobis pepéndit in ligno.
Allelúia, allelúia.

Aleluya, aleluya! **V.** Muling nabuhay ang Poon mula sa libingan, at para sa ati’y nabayubay doon sa kahoy ng krus. **Aleluya, aleluya!**

SECUENCIA • Victimæ Paschali Laudes *

Handog ng Paskwa’y parangalan,
mag-alay ang lahat ng mga binyagan.

Victimæ pascháli laudes
ímmolent Christiáni.

Tinubos ng Kordero ang mga tupa
pinagkasundo sa Ama ang mga nagkasala.

Agnus rédemit oves:
Christus ínnocens Patri
reconciliávit peccatóres.

Kamatayan at buhay nagsagupa,
Pangulo ng buhay ay namatay
ngunit naghaharing matagumpay.

Mors et vita duéllo conflixére
mirándo: dux vitæ mórtuus
regnat vivus.

Sa iyong paglakad, O Maria,
anong namalas mong kataka-taka?

Dic nobis, María,
quid vidísti in via?

Libingan ni Kristong nabuhay na mag-uli,
puspos ng biyaya at luwalhati.

Sepúlcrum Christi vivéntis
et glóriam vidi resurgéntis.

*Mga anghel, kumot at kasuotan,
saksi ng dakilang katotohanan.*

Angélicos testes,
sudárium et vestes.

*Bumangon si Kristong aking pag-asa,
mangunguna sa inyo sa Galilea.*

Surréxit Christus, spes mea:
præcédet vos in Galilæam.

*Nababatid namin, muling nga nabuhay
si Kristo sa kamatayan:
O Haring nagtagumpay, kami’y kaawaan.*

Scimus Christum surrexisse
a mórtuis vere:
tu nobis, victor Rex, miserére.

Amen. Aleluya.

Amen. Allelúia.

EBANGHELYO • Lc 24:36-47

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

NOONG PANAHAONG IYON: tumayo si Jesus sa kalagitnaan nila at nagsabi, “Sumainyo ang kapayapaan!” Natigilan sila at natakot sapagkat ang akala nila’y nakakita sila ng multo. Kaya’t sinabi ni Jesus, “Bakit kayo natitigilan? Bakit kayo nag-aalinlangan? Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa. Ako nga ito. Hawakan ninyo ako at pagmasdan. Ang multo ay walang laman at buto, ngunit ako’y mayroon, tulad ng nakikita ninyo.” Habang sinasabi niya ito, ipinapakita niya sa kanila ang kanyang mga kamay at mga paa. Parang hindi pa rin sila makapaniwala sa laki ng galak at pagkamangha, kaya’t tinanong sila ni Jesus, “May pagkain ba kayo riyan?” Siya’y binigyan nila ng isang hiwa ng isdang inihaw. Kinuha niya ito at kinain sa harap nila. Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, “Ito ang tinutukoy ko nang sabihin ko sa inyo noong kasa-kasama pa ninyo ako: dapat matupad ang lahat ng nasusulat tungkol sa akin sa Kautusan ni Moises, sa aklat ng mga propeta, at sa mga Salmo.” Binuksan niya ang kanilang pag-iisip upang maunawaan nila ang mga Kasulatan. Sinabi niya sa kanila, “Ganito ang nasusulat: kinakailangang magdusa at mamatay ang Cristo; at pagkatapos, siya’y muling mabubuhay sa ikatlong araw. Sa kanyang pangalan, ang pagsisisi at kapatawaran ng mga kasalanan ay dapat ipangaral sa lahat ng mga bansa, magmula sa Jerusalem, at kayo’y mga tunay na saksi ng lahat ng ito.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 17:14, 16

INTONUIT de cœlo Dóminus,
et Altíssimus dedit vocem suam:
et apparuérunt fontes aquárum,
allelúia.

KUMULOG ang langit at narinig ang tinig ng
Poong Kataas-taasan: at biglang may bumukal
na tubig, aleluya!